



NANGUNGUNANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

IWAYWAY

Oktubre 1-15, 2019

**MAIKLING
KUWENTO
SI KITI...**

Ni ESTER ARAGON

**TULA
PAGLULUKSA
SA ISANG
BALYENA**

Ni JING JUMAQUIO

**BAGONG
MANUNULAT
SI TOTOY**

Ni DJ ELLAMIL

**BUKLAT / MULAT
ANG SOSYALISASYON
AT ANG PANITIKANG
PAMBATA**

Ni DR. EUGENE YAMBOT EVASCO

KEANNA REEVES

**MANILA
BULLETIN
PUBLISHING**



P40

MGA NILALAMAN

f I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine

NOBELA

- 6 Kasaysayan Ng Kalibutan (7)**
Edgar Calabia Samar
- 8 "Ikaw Na Muna, Mommy" (12)**
Efren Abueg
- 10 Higit Na Matibay (35)**
Armando T. Javier
- 12 Saka Na Lang Kita Mamahalin (20)**
Neri Jedeliz

MAIKLING KUWENTO

- 4 Si Kiti...**
Ester Aragon
- 14 Pusang-Kalye**
Alex F. Areta
- 16 Si Totoy**
DJ Ellamil

KUWENTONG PAMBATA

- 18 Takot Si Pipoy Sa Ulan**
Jeng Guansing de Dios

LATHALAIN

- 28 Sa Pagpatak Ng Ulan**
Mario D. Dalangin
- 30 Palagi Ka Bang Grounded?**
Chad Faller

KOMIKS

- 37 Ang Plano Ni Nato**
Simeon Sorrosa / Florence Maglalang
- 40 Ang Babaeng Pinangakuan (7)**
Alquin M. Pulido / Arnel R. Coronel
- 43 Lover Boy (8)**
Elena M. Patron / Rico Rival
- 46 Sa Mundong Iyon... (47)**
Perry C. Mangilaya / Donato Santos
- 49 Superhero**
Andres Munoz / Vovoi Lim
- 54 Doro Dora**
William Contreras

TULA

- 56 Pagluluksa Sa Isang Balyena**
Jing Jumaquio

KOLUM

- 20 Basa Tayo**
John Iremil Teodoro
- 22 Epektibong Pagtuturo**
Pat V. Villafuerte
- 24 Buklat/Mulat**
Dr. Eugene Y. Evasco
- 26 Haraya**
Dr. Michael M. Coroza
- 33 Tatak Pilipino**
Boy A. Silverio
- 52 Pag-Usapan Natin!**
Kuya Sam
- 52 Magluto Tayo**
Mareng Lena

SHOWBIZ

- 34 Keanna Reeves, Pangarap Makakuha Ng Acting Award**
Nonie V. Nicasio
- 35 Joey Marquez, Nakaka-Relate Sa Role...**
Maricris V. Nicasio
- 35 Showbiz Tribya**
Julio Silverio, Jr.

LIBANGAN

- 36 Astrolohiya**
Madame Sharona
- 54 Magtawanan Tayo!**
Anthony Locsin
- 54 Math Puzzle**
Rosemarie Adaya
- 54 Palaisipan**
Jose Marie Gallego



18

14

Si Criselda Yabes Bilang Bisdak na Manunulat

ANG maganda sa pinakabagong libro at pangalawang nobela ni Criselda Yabes na *Broken Islands* (Ateneo de Manila University Press, 2019) ay napatibay nito ang paniniwala ko na isa siyang bisdak na manunulat.

Ang bisdak ay pinaikling “Bisayang Daku” na ang literal na kahulugan ay “Bisayang Malaki.” Ibig sabihin, *big time* na Bisaya. Kapag bisdak ka, ikaw ang siga na Bisaya. Matapang, hindi makanti, may kayabangan dahil may K naman talaga. Iyan si Criselda Yabes. Hindi lamang dahil lolo niya ang nag-edit ng isa sa mga pinakamahalagang *textbook* ng *Philippine literature*. Sa mga nag-*major* ng literatura imposibleng hindi niyo narinig ang pangalang Leopoldo Yabes. Samakatwid, bisdak si Cris dahil bilang manunulat *royalty* naman talaga siya ng *Philippine literature*. At dahil nga bisdak siya, hindi siya nagkasya sa pagiging *royalty* lamang kundi masipag at magaling din siyang manunulat. Dalawa lang naman ang pinanalunan niya sa prestihiyosong University of the Philippines Centennial Literary Prize noong 2008 – nakuha niya ang *grand prize* para sa nobela at *creative nonfiction*! Inilathala ang mga ito ng UP Press: ang nobelang *Below the Crying Mountain* (2010) at ang *historical essay* na *Sarena’s Story* (2010). Ang dalawang libro ay parehong tungkol sa Mindanao. Ang nobela niyang ito ay *long listed* sa Man Asia Literary Prize lang naman. At dahil nga bisdak siya, ilalathla ng Penguin Southeast Asia ang *Below the Crying Mountain*.

Nakilala ko si Cris noong Disyembre 1997 nang *i-cover* namin ang *runsay* sa bayan ng Aborlan sa timog Palawan. Taunang ritwal ng pasasalamat ng mga katutubong Pala’wan ang *runsay* na ginagawa sa dalampasigan tuwing huling pagbilog ng buwan ng taon. Gandang-ganda ako sa kaniya nang makita ko siya. Matalik siyang kaibigan ng *mentor* ko sa *journalism* na si Yasmin Arquiza na kasama ko sa Bandillo ng Palawan, isang *pro-environment* at prokatutubo na NGO sa Lungsod Puerto Princesa na naglalathala ng lingguhang diyaryo (ako ang editor) at buwanang magasin sa Ingles (si Yasmin naman ang editor). Magkasabay kasi silang nag-aral sa UP Diliman ng *journalism* at magkasabay silang mga batang reporter na nag-*cover* sa Malakanyang nang si Tita Cory ang presidente kasama na ang pitong bigong kudeta nina Enrile at Honasan. Kaya ang isa sa mga bonggang libro ni Cris ay tungkol sa mga sundalo sa kudetang iyon na pinamagatang *Boys from the Barracks*. (Noong una akala ko *gay novel* ito tungkol sa mga hadahan o brokeback ng mga sundalo kung sila-sila na lamang sa loob ng *barracks*.)

Dahil nga *trip* niya talaga ang bumisita at tumambay sa mga kampo militar at sumasama pa siya sa mga *military operation*, nasulat din niya ang librong *Peace Warriors: On the Trail with Filipino Soldiers* (Anvil, 2011). Mapalad ang Armed Forces of the Philippines (AFP) dahil may isang Cris na nagtitiyagang *i-cover* sila at sumulat ng mga librong obhetibo tungkol sa kanila.

Ang paging beterinyong si Gerry Ortega, o mas kilala bilang Doc Gerry sa Palawan, ang naghatid sa amin sa Aborlan

nang hapong iyon. Si Doc Gerry ang *founding director* ng Crocodile Farm Institute sa Puerto at nagsusulat din ng kolum sa diyaryong iniedit ko. Taga-Aborlan sina Doc Gerry at nang pumunta kami roon ay ama niya ang meyor ng Aborlan. Kaya *we were in good hands*. Nang wala na ang Bandillo, nang umalis na kami ni Yasmin sa Palawan dahil sadyang mapanganib ang ginagawa namin dahil nakakabangga namin ang mga politiko, militar, at negosyante, na-*assassinate* si Doc Gerry isang tanghaling-tapat habang nag-uukay-ukay siya sa tabi ng kanilang *veterinary clinic* sa Puerto. Nakakalungkot na hanggang ngayon hindi pa rin nabibigyan ng hustisya ang kaniyang kamatayan.


Magdamagan ang *runsay* dahil pagkatapos ng pagpapalutang sa dagat ng mga maliit na balsang yari sa puno ng saging na puno ng mga alay na pagkain at inumin, may kainan at inuman. At pagkatapos nito may sayawan sa dalampasigan na bahagi pa rin ng pasasalamat sa diyos na pinaniniwalaan ng mga Pala’wan. Nang mga madaling araw na at antok na antok na kami, naglatag sina Cris at Yasmin ng sarong sa buhangin at magkatabi kaming natulog na tatlo roon sa dalampasigan.

Mga tatlong taon din akong *volunteer* sa Bandillo ng Palawan at sa loob ng tatlong taon na iyon pabalik-balik si Cris sa Palawan. Kung minsan mag-isa lang siya, kung minsan may kasamang lalaki at inggit na inggit ako. Minsan may Pranses pa siyang akay-akay roon. Pranses na matangkad, *blue* ang mga mata, may *dimples*, at higit sa lahat may abs! Kasi nga bisdak siya. Iyon ang panahong nasulat ni Cris ang libro niyang *Letters from Pala’wan* (Bookmark, 1999) na tungkol sa nawawala nang katutubong paraan ng pagsulat ng mga Pala’wan.

Ang Palawan ay Bisaya. Ang mga katutubong wika halimbawa ng mga Pala’wan at Tagbanwa ay malapit sa Kinaray-a. Ang wika ng mga naunang *migrants* sa Palawan ay Cuyonon at ang Cuyonon sa paniniwala ko ay diyalekto lamang ng Kinaray-a. Pitong oras na biyahe lang sa *pumpboat* ang Cuyo mula sa amin sa San Jose de Buenavista,

Antique. Kaya bisdak si Cris na pabalik-balik ng Palawan noon at sumulat pa ng libro tungkol sa kulturang Pala’wan. Isa pa, hanggang ngayon, may pag-aaring lupa pa rin si Cris sa El Nido, Palawan. Hindi ko makalimutan ang pagbili niya ng lupang ito dahil ang apelyido ng *real estate agent* niya ay Fenis.

Halos nag-iisa si Cris bilang peryodista at malikhaing manunulat na nagsi-*specialize* sa *Philippine military*, lalo na tungkol sa mga *military* natin sa Mindanao. Nasa Manila Pen siya para mag-*cover* nang lusubin nina Trillanes ang hotel na ito kung saan idinadaos ang taunang Palanca *awards*. Nang pasukin ng tangke de gera ang engrandang *lobby* ng Manila Pen, nagtago lamang siya sa loob ng CR. Nang lusubin at sakupin ng ISIS at Maute Brothers ang Lungsod Marawi at nag-aalala ako sa ilang mga kaibigan ko sa Mindanao State University sa mga *campus* nito sa Marawi at Iligan, at isa-isa ko silang tinext o



tinawagan sa telepono at tinatanong kung ligtas ba sila at nakaalis na ba sila roon, si Cris naman, atat na atat at nagkukumahog na umakyat ng Marawi. Nag-dinner kami sa Makati nang mga panahong iyon at hindi siya makakain nang maayos dahil nangungulit siya sa mga kontak o *sources* niya sa AFP na pasamahin siya sa Marawi. Dahil nga bisdak siya, iba talaga ang *trip* niya bilang manunulat.

Dahil nga bisdak siya bilang manunulat, kaya niyang sumulat ng *historical novel* at mga politikal na *journalistic pieces*, at kaya rin niyang sumulat ng mga akdang personal tulad ng kaniyang librong *A Journey of Scars* (Anvil, 1998) na tungkol sa kaniyang pag-i-emote sa Europa habang nagpapagaling ng sugatan niyang puso. Ayon nga sa *publisher* at manunulat ding si Karina Bolasco, hindi pa uso ang "*confessional writing*" sa bansa, nauna na si Cris. Bisdak nga kasi kaya *she is ahead of her time*.

Ipinanganak sa Quezon City ngunit lumaki si Cris sa Zamboanga City kung saan nadeestino bilang *manager* ng isang bangko ang kanilang ama. Ang Zamboanga City, kahit nasa Mindanao, ay isang Bisayang lugar. Kaya bisdak talaga si Cris.

Ang *point* lang naman nitong maikling sanaysay na ito ay ang patunayan na bisdak, na isang Bisaya, si Criselda Yabes bilang manunulat. At itong *Broken Islands* niya ay naka-set sa Borbon, Cebu at tungkol pa ito sa epekto ng Bagyong Yolanda na sumalanta sa Kabisayaan noong 2015. Bisdak na bisdak ang nobelang ito at sana basahin hindi lamang ng mga Bisaya kundi ng lahat ng mga Filipino at pati na rin ang buong mundo.

Siguro may magtatanong kung ano ngayon kung Bisaya o hindi si Cris. *Relevant* ba talaga ito? Baka *ghettoizing* na itong ginagawa ko? *Nire-reinforce* ko ba ang masamang mukha ng *regionalism*? Masyado ba akong *nativist*? Hindi ba't mas pambansa naman talaga ang *body of work* ni Cris? Hindi ba't *world class* pa nga ang mga akda niya? Ilang taon na rin kasing pinagmumunian ko ang Visayan *consciousness* *tsenes* sa literatura ng Filipinas. Kung minsan nga naiisip ko na baka Bisaya naman talaga ang buong bansa na siyempre *potentially controversial* at baka *mac cyber bully* ako. O siguro bilang isang *literary historian* sa Bisaya, masaya lamang akong *i-claim* para sa Kabisayaan si Criselda Yabes. 

TAKOT SI PIPOY SA ULAN

(Mula sa pahina 15)

"Kailangan mong makapagpahinga, Panyong. Baka lumala ang sugat mo sa ulo. Isa pa, baka magkasakit pa tayo sa labis na ginaw. May alam akong isang lugar na maaari nating silungan." Inalalayan ni Pipoy si Panyong sa pagtayo. Kahit na paika-ika ay pinilit nitong maglakad nang mag-isa upang makasunod sa kanya.

Tahimik si Pipoy habang naglalakad. Si Panyong naman ay walang humpay sa pagkukuwento tungkol sa dating pamilyang tinitirhan. Humahanga si Pipoy sa kababaang loob ng kaibigan. Hindi ito marunong magtanim ng sama ng loob sa mga tao. Bagaman nakaranas ng pang-aabandona, mas pinipili nitong alalahanin ang masasayang araw na inilagi nito sa piling ng dating pamilya. Si Panyong talaga ang pinakapositibong nilalang na nakilala niya.

"Saan ba tayo pupunta, Pipoy? Malayo-layo na rin ang nalakad natin, a."

Napayuko si Pipoy. "Pupunta tayo sa bahay ng pamilya ko. Kahit papaano, may garahe roon na maaari nating mapagpahingahan."

Naramdaman ni Pipoy ang pagtapik ni Panyong sa kanyang ulo. "Kaya mo na bang bumalik doon? Sabi mo, nalulungkot ka kapag naaalala mo si Kylie, lalo na tuwing ganitong umuulan."

"Ayos lang, Panyong. Ikaw na rin ang nagsabi sa akin na ang mga masasayang alaala tuwing umuulan ang dapat kong alalahanin at pahalagahan."

Nagpatuloy sila sa paglalakad, hanggang sa marating nila ang bahay nina Kylie. Napatigil si Pipoy sa tapat ng tarangkahan at bahagyang nagmanman. Napansin niyang maliwanag sa loob ng kabahayan. Maya-maya ay bumukas ang pinto at iniluwa ang isang batang babae na may kalong na pusang itim.

Napayuko si Pipoy. Bigla siyang nakadama ng lungkot. Naisip niya, daragdag na naman ang pangyayaring ito sa malulungkot na pangyayari sa buhay niya tuwing umuulan. "Panyong, umalis na tayo. Pinalitan na pala ako ni Kylie. Mayroon na siyang bagong alaga," sabi niya.

"Ha? Bakit ba napakanegatibo mo, Pipoy? Magpakita ka muna sa kanya. Hindi naman mahalaga kung may bago siyang alaga. Ang mahalaga, mahal ka pa rin niya." Mangangatwiran pa sana si Pipoy sa kaibigan, subalit bigla itong naglulundag saka tumahol nang malakas.

"Aw! Aw! Aw!"

Napalingson si Kylie sa kinaroroonan nila. Kitang-kita ni Pipoy na nanlaki ang mga mata ng bata. Ang mga matang kay tagal niyang kinasabikan.

"Pipoy, ikaw ba 'yan? Pipoy!"

"Ngiyawww!" Kahit umuulan, nakita ni Pipoy ang pagtakbo ni Kylie upang buksan ang tarangkahan. Pagkatapos, mabilis siya nitong binuhat saka niyakap nang mahigpit. "Bakit ka umalis sa garahe? 'Di ba sabi ni Daddy babalik kami? Mabuti't nakauwi ka na. Antagal-tagal na kitang hinahanap at hinihintay!"

"Ngiyawww!" Napaiyak si Pipoy. Ginantihan niya ng yakap ang bata. Ngunit sa gitna ng kanyang kasiyahan ay bigla niyang naalala si Panyong. Wala na ang kaibigan sa kinatatayuan nito kanina. Mabilis siyang lumundag mula sa mga bisig ni Kylie at nagpalinga-linga. Nakita niyang naglalakad na si Panyong papalayo sa kanila. Hinabol niya ang kaibigan. "Panyong! Panyong, saan ka ba pupunta? Hintay!"

Nilingon naman siya ng kaibigan. "Ayos lang ako, Pipoy. Nakabalik na ang pamilya mo. Magkakaroon ka na rin ng bagong kaibigang pusa. Ansaya no'n, ha! O, hayan, sinundan ka na tuloy ni Kylie. 'Wag kang mag-alala, sanay naman akong mamuhay sa bangketa," pilit ang sayang sabi nito.

"Hindi tayo maghihiwalay, Panyong. Hindi ako sasama kay Kylie nang hindi kita kasama," sagot naman niya.

Nang makalapit sa kanila si Kylie, kaagad siyang binuhat ng bata. "Pipoy, halika na sa loob ng bahay. Lalo pang lumalakas ang ulan kaya kailangan na nating pumasok," sabi nito. Nagpumiglas siya at nagpumilit bumaba. Nang makababa, tumabi siya kay Panyong saka madamdaming ngumiyaw, sa pag-asang mauunawaan ng bata ang ibig niyang sabihin.

"A, alam ko na! Gusto mong isama natin ang kaibigan mong aso? Teke, may kuwintas din ang kaibigan mo," sabi ni Kylie. Binasa nito ang pangalang nakaukit sa kuwintas ni Panyong. "Panyong! Panyong pala ang pangalan ng kaibigan mo, Pipoy. May sugat siya at piláy pa kaya kailangan na nating pumasok," dugtong pa ng bata.

Magmula ng araw na iyon ay hindi na nahihwalay pa si Pipoy kay Kylie. Tuluyan na ring inampon ng pamilya si Panyong na ang totoong kulay pala ng balahibo ay puti. Napamahal na rin sa kanya ang bagong pusang itim ni Kylie na nanggangalang Pipoy.

At magmula rin ng araw na iyon, hindi na muling kinatakutan ni Pipoy ang pagbuhos ng ulan. 



Mother Tongue-Based Multilingual Education

SA bisa ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 74 Serye 2009 ng Kagawaran ng Edukasyon ay sinimulang ipatupad ang Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) na naglalayong ipagamit ang unang wika o *mother tongue* sa mga rehiyon, mula Baitang 1 hanggang Baitang 3 bilang pangunahing wikang panturo sa lahat ng asignatura o sabdyek, habang itinuturo rin bilang bukod na asignatura o sabdyek ang Filipino at Ingles. Malinaw ang isinasaad ng kautusan:

Mother Tongue-Based Multilingual Education, hereinafter referred to as MLE is the effective use of more than two languages for literacy and instruction. Henceforth, it shall be institutionalized as a fundamental educational policy in this Department, in the whole stretch and in the Alternative Learning System.

Hindi lahat ng unang wika sa buong rehiyon ay ginamit na wikang panturo bagama't dinagdagan ng mga sumunod na

taon ang paggamit ng Bahasa Sug, Bikol, Cebuano, Chabacano, Hiligaynon, Iloko, Kapampangan, Maguindanaon, Maranao, Pangasinense, Tagalog at Waray.

Nilikha ang MTB-MLE sa bansa bilang alinsunod sa probisyon ng UNESCO noong 2003. Nakasaad dito ang kahalagahan ng karapatang pangwika ng bawat mamamayan tungo sa ganap na pagkatuto at laban sa diskriminasyon sa mga pangkat minority sa mga bansang multilinggwal.


Tatlong pangunahing simulain ang inilahad ng UNESCO kaugnay ng probisyon:

1. Sinusuportahan ng UNESCO ang pagtuturo ng *Mother Tongue* bilang pagpapahusay ng kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng pagpapanatili ng kaalaman at karanasan ng mga mag-aaral at guro.
2. Sinusuportahan ng UNESCO ang edukasyong bilinggwal/multilinggwal sa lahat ng antas ng edukasyon bilang daan ng pagpapapasulong ng kalidad, sosyal at kasarian bilang susing elemento ng nag-iiba-ibang lingguwistikong lipunan.
3. Sinusuportahan ng UNESCO ang wika bilang mahalagang *component* ng edukasyong inter-kultural upang mahikayat ang pag-unawa sa pagitan ng iba't ibang mataong grupo at mabigyang respeto ang pundamental na karapatan. Sa tatlong probisyong nabanggit, inilapat ni Dr. Ricardo Ma. Duran Nolasco, dating Komisyoner ng Komisyon sa Wikang Filipino na gawing layunin ng MTB-MLE ang multi-litereyt, multi-kultural at multi-linggwal ang mga mamamayang Pilipino.

1. Idinagdag pa ni Nolasco (2008): "*Sinusuportahan ng KWF ang anumang kampanya na papaghusayin ang*

kasanayan sa Ingles ng ating mga estudyante...It is time to foster respect for ALL languages especially endangered languages, and to promote and protect them. Let us celebrate our linguistic diversity with the peoples of the world. Wika Mo. Wikang Filipino. Wika ng mundo. MAHALAGA!"

2. Sa isang talumpating binigkas ni San Andres (2015), inirekomenda niya ang mga sumusunod na hakbang upang makatulong sa pagpuno sa mga kakulangan, at makapagpapabuti pa sa implementasyon ng MTB-MLE:
1. Gamitin ang MTB-MLE upang ang mga mag-aaral ay matutong mag-isip sa paraang malikhain at mapanuri sa sariling wika at konteksto. Susi sa aspektong ito ang produksiyon ng mga materyales na nakaugat o malinaw na nakaayon sa sitwasyon ng bawat komunidad.



Larawang mula sa Google mananaliksik.

3. Hikayatin ang mga guro na lumikha ng mga babasahin, aklat, modyul at iba pa para sa kani-kanilang klase.
4. Para sa mga Teacher Education Institutions (TEIs), iminumungkahi ang pagdaragdag ng 12 yunit ng mga asignaturang kaugnay ng pagpaplanong pangwika, pagtuturo gamit ang wikang lokal, bilinggwal, multilinggwal na edukasyon, teorya at praktika ng pagsasalin, paghahanda ng mga materyales para sa MTB-MLE, atbp.
5. Para sa mga TEIs, maaaring ikonsidera ang pagpapalakas ng Filipinisasyon ng mga asignatura - yaman din lamang at ang wikang pambansa na siyang *lingua franca* ay siya ring kapamilya ng halos lahat ng mga wikang ginagamit sa programang MTB-MLE.
6. Magsagawa ng regular na ebalwasyon ng programang MTB-MLE mula antas paaralan tungong antas pambansa. Samakatuwid, kailangan ng mekanismo ng DepEd para sa regular na pagsusumite ng ulat hinggil sa kalakasan at kahinaan ng programa sa bawat komunidad.



Ang Sosyalisasyon at ang Panitikang Pambata

NITONG nakaraang ika-22 ng Agosto 2019, naimbitahan ako ng UP Departamento ng Linggwistiks na isang *round table discussion* na may paksaing "Linguistic Socialization and Children's Literature" para sa kanilang pagdiriwang ng Buwan ng Linggwistiks. Apat kaming kalahok sa *panel discussion* na binubuo ng mga guro at manunulat mula sa iba't ibang departamento ng Unibersidad ng Pilipinas at palimbagang Adarna. Nagpadala sila ng mga gabay na tanong bilang paghahanda sa nasabing okasyon. Narito ang aking mga tugon:

1. Ano ang proseso ninyo sa pagsusulat ng mga kuwentong pambata?

Nagsisimula ang proseso ng pagsusulat sa pagtukoy kung sino at ilang taon ang inaasahang *audience* ng susulating akda. Kapag natukoy na ito, mahalaga ring malaman kung ano ang akmang anyo na magiging mabisa upang paghahatid ng mensahe at impormasyon sa mga mambabasa. Kailangang angkop ang wikang gagamitin sa tiyak na edad ng *intended audience*.

Madalas ang ideya para sa susulating akdang pambata ay nagmula sa isang larawan. Naisulat ko ang isang kuwentong pambata dahil sa nakita kong larawan ng mga pansabong na gagamba sa kahon. Maaaring magmula naman ito sa balita. Nakusulat ako ng dalawang kuwento nang minsang bumuklat ng pahayagan na nagbabalita ng pagbabalik ng mga *migratory birds* sa Candaba at ng lathalain na pumapaksa sa pagbebenta ng *kidney* dulot ng kahirapan. Maaaring magmula ang ideya sa isang *agenda* o tema na nais kong sulatin tulad ng pagbasag sa *homophobia* at pagiging bukas sa ibang uri ng pamilya.

Pagkaraan nito, sisimulan na ang pananaliksik upang umunlad ang materyal. Mahalaga ring maghanap ng iba pang materyal bukod sa mga nakalimbag na sanggunian tulad ng panayam at pakikipamuhay. Kapag sa palagay ko'y sapat na ang materyal, sisimulan ko na ang pagbabalangkas. Hahanap ako ng tamang oras sa pagsusulat dahil nangangailangan ito ng matinding tutok at disiplina. Hindi matatapos ang pagsusulat hangga't hindi pa ako masaya ang anyo ng aking borador. Tutulungan ako ng *editor* at ng tagapaglathala na kinisin ito hanggang sa masabing mayroon na kaming pinal na manuskrito na karapat-dapat ilathala.

2. Ano ang sinusunod na pamantayan sa pagpili ng mga kuwentong ilalathala?

Nakadepende ang pamantayan sa bawat layunin at kahilingan ng isang tagapaglathala. Bawat taon, maaaring mag-iba ang pamantayan ng isang tagapaglathala depende sa pangangailangan ng merkado. Halimbawa, may isang tagapaglathala na humihiling ng mga radikal na katha at mga kuwentong may maselang paksa. Hindi ito pamantayan ng isang tagapaglathala na ang espesyalisasyon ay muling pagsasalaysay ng mga kuwento mula sa Lumang Tipan. Mayroon namang tagapaglathala na ang pokus ay mga talambuhay ng mga modernong bayani at mga prominenteng negosyante ng bansa. Sa madaling sabi, magkakaiba ng hinahanap ang mga tagapaglathala.

Sigurado ako, magkakaiba man ng kanilang hinahanap, iisa ang kanilang pamantayan sa mahusay na kuwentong pambata — may matagumpay na pagtatangka na makapagkuwento, may orihinal na materyal, may sariwang

paraan ng pagsasalaysay, may mabisa at makinis na wika, at may aksiyon o pangyayari na kayang malapatan ng mga ilustrasyon para sa aklat na aabutin ng 28-32 pahina.

3. Ano ang napapansin ninyong *trends* sa tema ng mga kuwentong pambata na mayroon ngayon? Sinasalamain ba nito ang kasalukuyang panahon? Ano ang kahalagahan ng mga ganitong tema?

Batay sa anyo at wika, nagiging *trend* na ang paglalathala ng mga *board books*, *young adult* na nobela at mga kuwento, mga impormasyonal at kultural na aklat, at mga aklat sa mga katutubo at rehiyunal na wika. Mahalaga ang mga ito dahil pagtugon ito sa kakulangan ng panitikang pambata sa Pilipinas na masyadong nakapokus sa paglalathala ng mga *picture book* at mga *illustrated picture books*. Kapuri-puri ang inisyatiba ng mga palimbagan mula sa mga rehiyon sa paglalathala ng kanilang mga orihinal na kuwento na hindi salin mula sa Kalakhang Maynila. May mga aklat pambata na sa mga wikang Ilokano, Chavacano, Bikol, Hiligaynon, Kinaray-a, Waray, at Sebuwano. Sa tulong din ng Save the Children, nakapaglathala na rin ng mga aklat para sa mga *pre-school* na mambabasa sa mga wikang lumad gaya ng Tboli at Manobo. Hindi lamang wika ang tampok sa mga aklat na ito kundi ang mga danas at kultura na hindi naitatampok sa mga paglalathala mula sa Kalakhang Maynila.

Kung pag-uusapan naman ang tema, nagiging *trend* na ngayon ang pagtalakay sa mga panlipunang problema gaya ng seksismo, polusyon, problemang pangkapaligiran, terorismo, abusong sekswal, malalang trapiko, kahirapan, at mga karahasan sa lansangan. May aklat pambata na pumapaksa sa Martial Law, desaparacido, epidemiyang HIV, at sa *extra judicial killings*.

Tinugunan na rin ng ating bansa ang hamon na maging *diverse* ang mga naisusulat at nalilikha sa pagpapakita ng iba't ibang uri ng pamilya, homosekswalidad, usaping pangkasarian, kapansanan, at kalusugang *mental*. May serye na ng mga aklat na pumapaksa sa mga modernong bayani ng lipunan na binubuo ng mga doktor, negosyante, madre, artista, atleta, at edukador. Kapuri-puri ang serye ng mga aklat pambata na nagkuwento tungkol sa ambag ng kababaihan sa larangan ng siyensiya at teknolohiya sa bansa. Malayo ito sa mga naunang *straight biography* na kadalasang pumapaksa sa mga bayani ng himagsikan. Sinasalamain ng ganitong *trend* kung ano ang pangangailangan ng ating lipunan sa kasalukuyan. Karamihan sa mga aklat na naisulat ay tugon sa napapanahong usapin sa kasalukuyan. Pinatunayan ng panitikang pambata na kaya nitong tumugon sa mga hamon ng panahon.

4. Sa pagsusulat ng mga kuwentong pambata, may isinasaalang-alang ba kayong partikular na estilo ng wikang gagamitin?

Bilang isang manunulat sa Filipino, lagi't lagi kong itinatanghal ang yaman ng ating wika sa aking pagsusulat. May paniniwala ako na tungkulin ng bawat manunulat na iangat ang mga wika sa bansa sa pamamagitan ng kani-kaniyang pagkamalikhain.

Sa aking praktika, lagi kong isinasaalang-alang ang musika ng wikang aking gagamitin. Mainam ba itong pakinggan kapag binabasa nang malakas o kaya'y itinatanghal sa mga salaysayan? May ugnayan ang panitikang pambata at tula. Rumirikit ang prosa sa akdang pambata kung nabubudburan ito ng onomatopeya, tugma, aliterasyon, asonansiya, enumerasyon, at pag-uulit. Kapwa matimpi ang pagsusulat ng dalawang anyo. Piling-pili ang wikang gagamitin at bawal mag-aksaya ng mga salita. Kailangang mayaman sa mga *action words* o pandiwa ang akdang pambata. Dagdag pa, kailangang gumamit ng mga imahen at hangga't maaari ay iniwasan ang paggamit ng mga pang-uri dahil abstrakto ang mga ito. Nais ng mga bata ng kongkretong salita sa kanilang binabasa.

5. Paano nakakaimpluwensiya ang mga kuwentong pambata sa pagkatuto ng bata sa wika?

Naniniwala ako na may magandang epekto sa mga batang mambabasa kapag maganda (musikal at mapaglaro) ang wikang

gagamitin sa panitikang pambata. Ang sarili nating mga aklat pambata ay imbitasyon sa mga bata na tangkilikin at ipagmalaki ang ating wika at kultura.

Dapat ding iwasto ang maling paniniwala na kuwento lamang ang uri ng panitikang pambata. Kasama na malawak na mundong ito ang iba pang anyo gaya ng mga impormasyonal na aklat, sanaysay para sa mga bata, at mga tulang pambata. Sa pamamagitan ng malikhain at matalinong pagkakagamit ng wika, matututuhan ng bata na ang wikang Filipino ay isang wikang ng karunungan. May dangal sa paggamit ng sariling wika at hindi lamang ito wika sa lansangan o wikang ng mga taong salat sa edukasyon. Nakatutulong sa intelektwalisasyon ng wikang pambansa ang patuloy na paglalathala ng mga de-kalidad na aklat pambata.

Kung atin ding maaalala, ang isa sa mga unang anyo ng aklat pambata sa Pilipinas ay tinatawag na *caton*. Aklat ito na nagtuturo sa bata kung paano magbasa ng mga payak na salita batay sa pagkakaayos ng alpabeto. Patuloy pa rin hanggang sa kasalukuyan ang ganitong tungkulin ng mga aklat pambata ngunit mas malikhain at makulay na ang pamamaraan. Halimbawa nito ay ang mga aklat na alpabeto na may kaaaya-ayang ilustrasyon na nagtatampok ng ating mga *cultural icons* at pambansang simbolo. Kamakailan, naglabas ang Tahanan Books ng aklat o *pictionary* tungkol sa mga pandiwang Filipino. Biswal nitong naipakita ang yaman at rikit ng ating wika. Ginagawa nitong kaiga-igaya ang pag-aaral ng wikang Filipino.

6. Ano ang papel ng wika, sa pamamagitan ng mga kuwentong pambata, sa *socialization* ng mga bata?

Malaking tulong ang panitikang pambata sa pagtuturo sa mga mambabasa kaugnay sa sariling tradisyon, kultura, kostumbre, at asal na katanggap-tanggap at kapaki-pakinabang sa lipunan. Nais kong bigyang-diin ang “kapaki-pakinabang” dahil hindi lamang kasiningan ang usapin dito kundi ang maiaambang ng mga teksto sa isang lipunan.

May dalawang paniniwala ang maaaring maihatid ng mga aklat pambata. Una ay ang tradisyon at ang kombensiyon. Walang problema sa ganitong uri dahil ito ay kadalasang itinuturing na katanggap-tanggap at nararapat na mabatid ng mga bata.

Halimbawa nito ay ang mga aklat ng magagandang asal na maiuugat sa mga naunang aklat pambata sa bansa tungkol sa urbanidad, relihiyon, at sibilisasyon. Matatandaan ang mga aklat na *Doctrina Christiana, Urbana at Feliza*, at *Ang Bagong Robinson* sa uri ito. Sa kasalukuyan, naglipana ang ganitong uri na maghahatid ng mensahe ng magaganda at kapuri-puring asal gaya ng serye ng *Little Book of Manners* (St. Paul, 2018) at *Common Courtesies* (Bookmark, 2018). May ganitong serye rin ng Lampara Books na kanilang *Mga Kuwento nina Pagong at Matsing* (2016-2018) na pumapaksa sa mga halagahan gaya ng pagkalinga, paggalang sa nakatatanda, pangangalaga ng kapaligiran, at pagtulong sa kapwa. Ang *Common Courtesies* ay pumapaksa naman sa katanggap-tanggap na asal sa sinehan, sa *online* na espasyo, sa lansangan, sa hapagkainan, at sa sinehan.

May hamon sa mga *gatekeepers* ang ikalawang uri dahil pumapaksa ito sa mga pangahas, makabago, at mapagpalayang tema. Dahil bago, madalas itong pinagtataasan ng kilay ng mga tradisyonal na magulang at edukador. Masyado raw mapanganib ang nilalaman. May pangamba silang baka hindi pa maiintindihan ng mga bata ang aral na hatid ng mga aklat na ito. Halimbawa nito ay ang *board book* na *I Love My Body* nina Nikki Luna at Julianne Dativas (*Power in Her Story*, 2018) na naglalayong turuan ang mga batang babae na protektahan ang sariling katawan laban sa anumang uri ng abuso. Sinisikap ng aklat na ihatid ang aral na tanging ang sarili lamang ang nagmamay-ari ng sariling katawan.

Dagdag pa sa uring ito ang mga aklat na nagbababala sa mga peligro sa *cyberspace*, *bullying*, *stereotyping*, at *homophobia*. Nag-aalay ito sari-saring tema na mahalagang matutuhan sa kasakuyan—*financial literacy*, *gender sensitivity*, *disaster preparedness*, *HIV/AIDS awareness*, at *cultural sensitivity*. Nagsisilbing tagapagmulat ang ganitong uri ng mga aklat na nalalayong ipakilala sa mga bata ang ibang danas, ibang buhay, ibang wika, at ibang mundo.

Mahalaga na maging bukas ang mga nakatatanda sa ganitong ambag ng panitikang pambata sa mga mambabasa. Kung hindi, masasayang ang hangarin ng mga manlilikha ng aklat na makapagbigay ng kapaki-pakinabang na panitikan para sa kasalukuyang henerasyon ng mga mag-aaral at mambabasa. 

bisita mula *abroad*. Noon kami kapwa nagulat. Nandoon si Kiti. Isa siya sa mga dumating na kinatawan na ng *United Nations agency* na nagpopondo ng pandaigdig na pangangalaga ng kalikasan. Matagal siya sa Brazil, Colombia at Venezuela. Nagsalita siya tungkol sa kagubatan ng Amazon na mga bago o *lungs* ng mundo. Ang *oxygen* mula roon ang nakakatulong sa maluwag na paghinga ng sangkatauhan sa mundong binabantaan ng polyusyon.

Natigilan ako. Tanaw nang tanaw ako kay Kiti nang nakikihalubilo na siya sa mga bisita. Hindi niya ako nakikita, pati na si Bong na *excited* na rin siyang malapitan. Ngunit napakaraming nakapaligid sa kaniya.

“Baka sa sosyalan, malapitan natin siya,” sabi ni Bong.

Noon pa, habang nakatanaw kay Kiti, kinagagalan ko na ang aking sarili. *Tanga! Walang utak! Magdusa ka!* Pero hindi ako kinikibo ni Bong. Dama niya siguro ang pinagdadaan ko. Nahihiya kami na lumapit sa kaniya. Dami talaga ng mga kumakausap sa kaniya.

Inimagin ko na lang si Kiti. Nasa harap ko. *Naka-party gown*. *Naka-high heels*. Pinarlor ang buhok. Parang marmol sa Capiz ang kaniyang kutis. Gaano na kaya kataas si Kiti kapag kaharap ko na? Kung isasayaw ko siya—bagay na bagay ba kami?

Nag-bath room kami ni Bong. Kinilatis ang *poise* namin sa salamin. Nagpisik kapwa ng *breath freshener*. Nagpatak ng pabango sa aming kamisedentro bago naghiwalay para makihalubilo sa mga bisita. Kahihiwalay ko lang sa isang ka-ranggo ko na mabilis na nakipag-usap sa akin nang biglang may nagsalita sa gilid ko. Napabaling ako.

“Mr. Raymundo Caagas, Jr., kumusta na?” Si Kiti!

Tiningala niya ako. Nakatungo naman ako sa kaniya. Pero himala! Parang pantay ang tingin namin sa isa’t isa.

“Mabuti naman, *finance manager* na ngayon... *construction company!*”

“*Married?*” Nakangiti pati mga mata ni Kiti.

“*Aging bachelor,*” pabiro kong sagot. “*How about you?*”

“Ay! Wala pang magkamali!” Tumawa nang malakas si Kiti.

Kinawit niya ako sa braso. Napaakay naman ako at sumanib kami sa mga “oogoy-ogoy” lamang sa *ballroom* ng otel na iyon. Nag-uusap. Nagtatawanan. Parang ilang saglit lamang ang gabing iyon. Bumitiw na lang si Kiti sa akin nang magsalita sa *closing program* ang *head* ng delegasyon ng *United Nations* para sa *climate change*. Paano ko malilimot ang gabing iyon?

HINDI ko nga makakalimutan ang gabing iyon. Wala na akong ipinagsisi. Magandang-maganda sa tingin ko si Kiti. *Cute* na *cute* ang taas niya. Kay gaan ng katawan niya nang magsayaw kami. Paano ko nga makakalimutan ang pagkikita naming iyon? Kahit pa siguro kung ilang panahon pa ang dumaan sa aming buhay!

Hindi ko na ngayon masabing napakatanga ko. Kung maisip ko pa iyon, ngingiti na lamang ako sa sarili. Lalo na ngayong ikapitong anibersaryo ng aming kasal. Hinihintay namin sa *dinner* sa bahay namin ang mga bisita. Magkatabi kami sa maluwang na pintuan ng aming sala. Ako at si Mrs. Edna Caagas, Jr. Si Kiti. 

PAGLULUKSA SA ISANG Balyena

Akala mo yata ay masarap na almusal ang plastic na nakasalalak sa bahura at ang styro na lumulutang at sumusunod sa langoy mo na akala mo siguro ay malaking pusit.

Ang pagkain mo'y bulto-bultong debris.

Hindi mo na alam ang tunay sa hindi. Ang pagkain sa lason.

Ginawa nang basurahan ng ibang nilalang ang dapat'ay-paraiso

Ng mga tulad mo.

Ng mga tulad ni pagi.

Ng mga tulad ni pugita.

Ni dilis. Ni talakitok. Ni barakuda.

Ni tanigue. Ni tuna. Ni galunggong.

Ni alimasag at alimango.

Ni hipon at alamang.

At ngayon ay nabusog ka sa basura

nabundat sa apatnapung kilong lason

na kumitil sa hininga.

Isang pagluluksa sa isang balyena,

At sa isang mundong malapit nang sumabog!

- JING C. JUMAQUIO

